**UP CREDIT COOPERATIVE**
ANDRES I. FERNANDEZ HALL
I. Delos Reyes St., corner C.P. Garcia Avenue
U.P. Campus Diliman, Quezon City
Tel Nos.: 924-8002 / 435-0356

# MGA PATAKARAN SA PAGPAPATUPAD SA ILANG PROBISYON NG KODIGO NG PANGKOOPERATIBANG PAMAMAHALA AT PANG-ETIKANG PANUNTUNAN

Sang-ayon sa probisyon ng Artikulo III, seksyon 25 ng nasusog na By-Laws ng University of the Philippines Credit Cooperative (UPCrC) at Kautusan 7, seksyon 4.7 ng Rules and Regulations Implementing Certain Provisions of the Philippine Cooperative Code of 2008, ang UPCrC ay ipinapaalam sa lahat ang mga sumusunod na patakaran at palakad sa pagpapatupad ng ilang probisyon ng Kodigo ng Pangkooperatibang Pamamahala at Pang-Etikang Panuntunan na kinumpirma ng mga kasapi sa Pangkalahatang Asembliya na ginanap noong ika-30 ng Marso 2012.

## TITULO

**Seksyon 1. Titulo**. Ang mga patakarang ito ay tatawaging "**MGA PATAKARAN SA PAGPAPATUPAD SA ILANG PROBISYON NG KODIGO NG PANGKOOPERATIBANG PAMAMAHALA AT PANG-ETIKANG PANUNTUNAN**".

## LAYUNIN

**Seksyon 2. Layunin**. Ang Kodigo ng Pangkooperatibang Pamamahala at Pang-Etikang Panuntunan (Kodigo) ay pinagtibay ng Pangkalahatang Asembliya sa pagpupulong na ginanap noong ika-30 ng Marso 2012. Ang mga patakarang nakasulat ay may layuning ipaliwanag ang ilang mahahalagang probisyon ng Kodigo tungo sa maayos na pagpapatupad nito.

## MGA SAKLAW NG KODIGO

**Seksyon 3. Mga Saklaw ng Kodigo**. Ang Kodigong ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga kasapi, kasama ang mga opisyal at kawani ng UPCrC simula na ang Kodigo ay pinagtibay hanggang sa kasalukuyan. Lahat ng nasasaklaw ay inaatasang taos-pusong sundin sa lahat ng sandali ang lahat ng tungkulin at responsibilidad batay sa probisyon ng Kodigo.

## KAUTUSAN 1
### Prinsipyo sa Pamamahala at Gabay sa Pamumuno

**Seksyon 4**. Ang lahat ng kliyente ng Kooperatiba ay may pantay-pantay na karapatang tumanggap ng tapat na paglilingkod sa mga kawani at opisyal ng Kooperatiba. Lahat ng patakaran ng Kooperatiba ay patas na

ipapatupad sa lahat ng mga kasapi. Walang dapat kilingan ang mga kawani\\ at opisyal dahil ang lahat ng kliyente ay pareho ng antas ng kahalagahan sa Kooperatiba.

**Seksyon 5**. Bilang patakaran, ang pagbibigay at pagtanggap ng suhol, regalo, pampadulas at pabor kapalit ng anumang serbisyong ipinagkakaloob ng Kooperatiba ay mahigpit na ipinagbabawal. Ang regalo at pabor ay maaari lamang tanggapin ng Tagapamahala sa loob ng tanggapan ng Kooperatiba. Ang tinanggap na regalo at pabor ay iuulat ng Tagapamahala sa Lupon ng mga Direktor na siyang magpapasya kung ano ang gagawin sa mga ito.

**Seksyon 6**. Lahat ng opisyal na gastusin ay dapat na nakabatay at limitado o hindi dapat lumampas sa pondong pinagtibay ng Pangkalahatang Asembliya.

**Seksyon 7**. Lahat ng kawani, kasapi at opisyal ay inaasahang magbigay galang o respeto sa katauhan at kakayahan ng bawat isa. Dahil dito ay mahigpit na ipinagbabawal ang panlalamang, pag-abuso sa kapangyarihan, manipulasyon, diskriminasyon, kasinungalingan at paninirang-puri.

**Seksyon 8**. Ang lahat ng opisyal ay dapat na tumupad sa lahat ng kanilang mga tungkulin at responsibilidad na napapaloob sa Rule 7, Sec. 2 ng mga Patakaran sa Pagpapatupad ng Republic Act 9520 o ang Philippine Cooperative Code of 2008.

## KAUTUSAN 2
## Tunggalian ng Interes

**Seksyon 9**. Lahat ng gawain na malinaw na nakikita ang personal na interes at sariling kapakinabangan sa pakikitungo, pakikipag-ugnay at pakikipagkasundo sa sinumang tao, opisina o kumpanya ay mahigpit na ipinagbabawal ng Kodigo.

**Seksyon 10**. Ipinagbabawal din ng Kodigong ito ang pagiging kasapi at opisyal sa iba pang Kooperatiba na may layunin at kalakarang katulad ng ating Kooperatiba.

**Seksyon 11**. Mahigpit na ipinagbabawal para sa mga opisyal, kabilang ang lahat ng komite at Lupon ng mga Direktor, ang pagpasok sa trabaho sa Kooperatiba, maging direkta o di direkta ng kanilang mga kaibigan lalo na ang kamag-anak hanggang sa ikaapat na antas ng apinidad at kaugnayan ng parehong dugo at ninuno.

**Seksyon 12**. Ang lahat ng opisyal at kasapi ay inaasahang maglingkod ng tapat para sa kapakanan at ikabubuti ng Kooperatiba nang walang inaasahang kapalit o kabayaran, maliban lamang sa nakatakda at nakasaad sa Kodigo ng Kooperatiba (RA 9520) o ng “By-Laws” ng Kooperatiba.

## KAUTUSAN 3
## Paghawak sa Kumpidensyal na Impormasyon

**Seksyon 13**. Lahat ng impormasyon nauukol sa pag-aari ng kasapi o kliyente ng Kooperatiba tulad ng halaga ng lahat ng kanilang mga deposito (capital build-up, fixed, savings at time deposits, at iba pa) gayundin sa halaga ng lahat ng pagkakautang ay itinuturing na kumpidensyal. Ito ay hindi maaaring

ibunyag o sabihin sa ibang tao kung walang pahintulot ang mismong kasapi na nagmamay-ari ng mga ito. Ang Katitikan ng Pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor ay maaaring maging kumpidensyal kung may mga bagay na natalakay na kung isisiwalat ay makakalabag ng karapatang pantao ng sinumang kasapi, kawani o opisyal ng Kooperatiba. Ang Libro de Kwenta ng Kooperatiba at lahat ng talaan at ledger na ginamit sa paggawa ng ulat pinansyal ay hindi itinuturing na kumpidensyal. Ayon sa ating "By-Laws", ang mga ito ay maaaring buklatin, tingnan at usisahin ng sino mang kasapi sa tanggapan ng Kooperatiba sa tamang araw at oras.

**Seksyon 14**. Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng kawani at opisyal ng Kooperatiba ang pagbubunyag sa publiko ng mga kumpidensyal na impormasyon, sa anumang paraan, maliban na lamang kung ito ay gagamitin sa imbestigasyon at kung ito ay alinsunod sa itinakda ng batas.

**Seksyon 15**. Ang hindi tamang pagpapatupad ng mga batas at alituntunin, paggawa ng katiwalian lalo na ang pagnanakaw sa Kooperatiba ng sinumang kawani at opisyal nito ay hindi kumpidensyal na impormasyon na dapat itago sa mata at tenga ng publiko. Ito ay maaaring ibunyag o isa-publiko kung may sapat at matibay na ebidensya alinsunod sa itinakda ng batas.

**KAUTUSAN 4**
**Pagmonitor ng Pagpapatupad**

**Seksyon 16**. Ang lahat ng kasapi, kabilang ang mga opisyal at kawani ng Kooperatiba ay dapat na magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa Kodigo. Dahil ditto, kailangang tiyakin ng Ethics Committee na ang lahat ng kasapi ay may kopya ng Kodigo.

**Seksyon 17**. Inaatasan ang Membership Committee ng Kooperatiba na bigyan ng kopya ng Kodigo ang mga bagong tanggap na kasapi at kawani.

**Seksyon 18**. Ang lahat ng kasapi, kabilang ang mga opisya at kawani ng Kooperatiba ay inaasahang maging mapagsuri at maagap sa pagtulong sa Ethics Committee upang tiyakin na ang lahat ng probisyon ng Kodigo ay maayos na ipinatutupad sa lahat ng nasasaklaw nito, sa lahat ng sandali.

**KAUTUSAN 5**
**Pag-uulat ng mga Paglabag sa Kodigo**

**Seksyon 19**. Lahat ng paglabag sa anumang probisyon ng Kodigo ay dapat na iparating sa pamamagitan ng pagsulat sa Tagapangulo o sinumang kabilang sa Lupon ng mga Direktor na siyang magpaparating nito sa Ethics Committee ng Kooperatiba para sa nararapat na aksyon. Makakatulong nang malaki kung ang ulat ay may kalakip na ebidensya o pruweba ng paglabag.

**Seksyon 20**. Kailangang pagtuunan ng pansin at bigyan ng nararapat na aksyon ang lahat ng nakasulat sa ulat ng paglabag sa Kodigo, maging ito ay bukas na sulat, may pirma man o wala, o kahit na ang sumulat ay gumamit ng nakatagong pangalan. Hanggang maaari, ang ulat ng paglabag ay may selyo at lagda ng notaryo publiko. Ang nagrereklamo ay bibigyan ng sapat na paunawa na kailangan niyang umayon sa kanyang sulat reklamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang sinumpaang salaysay. Ang hakbang na

ito ay kailangang gawin upang maiwasan ang mga walang basehang akusasyon na ang pakay lamang ay siraan ang sinuman.

**Seksyon 21**. Ang mga reklamong walang lagda ay pagtutuunan ng masusing pag-aaral bago ang Komite ay magpatuloy ng pag-iimbistiga. Kung may makitang malakas na basehan, ang pag-iimbistiga sa reklamong walang lagda ay ipagpapatuloy.

**Seksyon 22**. Ang Ethics Committee ay kaagad na magsasagawa ng imbestigasyon sa lahat ng ulat ng paglabag. Kapag may matibay at sapat na batayan at ebidensya ang reklamo, ang Ethics Committee ay susulat sa sinumang opisyal , kawani o kasapi na nabanggit sa ulat ng paglabag upang kunin ang kanyang panig at sinumpaang kasagutan. Ang inireklamo ay kailangang magbigay ng sinumpaang kasagutan sa loob ng limang (5) araw matapos matanggap ang sulat mula sa Ethics Committee. Kapag walang natanggap na kasagutan matapos ang itinakdang panahon, ito ay nangangahulugan ng pagsuko ng karapatan ng inirereklamong sumagot sa mga paratang laban sa kanya. Dahil dito, ang imbestigasyon ay isasagawa ayon sa mga dokumentaryong natanggap ng Ethics Committee.

**Seksyon 23**. Ang Lupon ng mga Direktor ay kailangan magtalaga ng kapalit na magmumula sa kasapian kung ang taong isasalang sa imbestigasyon ay kasapi ng Ethics Committee o kaya ay kamag-anak o malapit na kaibigan ng sinuman sa tatlong kasapi ng Ethics Committee.

**Seksyon 24**. Kung kawani ng UPCrC ang inireklamo, siya ay hindi papayagang magbitiw sa kanyang tungkulin hanggang hindi nasimulan at natapos ang imbestigasyon. Hindi rin siya papayagang lumiban sa trabaho, maliban lamang kung ito ay hindi inaasahan at lubhang kailangan. Subalit kung ang patuloy na pagpasok o pagganap sa kanyang trabaho ng kawaning inirereklamo ay maaaring makaapekto sa imbestigasyon, siya ay maaaring pansamantalang ilipat sa ibang gawain sa loob ng UPCrC o kaya pansamantalang suspendihin.

**Seksyon 25**. Isusumite ng Ethics Committee ang resulta ng imbestigasyon at ang kanilang rekomendasyon sa Lupon ng mga Direktor ng hindi lalagpas sa isang (1) buwan magmula nang sinimulan ang imbestigasyon. Kung lubhang mabigat ang reklamo at hindi matatapos ang imbestigasyon sa itinakdang panahon, ang Ethics Committee ay maaaring humingi ng hanggang isang (1) buwang palugit.

**Seksyon 26**. Ang Ethics Committee at maging ang Lupon ng mga Direktor ay maaaring sumangguni sa Cooperative Development Authority o sa naaangkop na ahensya ng gobyerno kung kinakailangan, lalo na kung may mga rekomendasyon at aksyon na dapat linawin.

## KAUTUSAN 6
## Aksyong Pandisiplina

**Seksyon 27**. Matapos na sumailalim sa “due process”, ang sinumang napatunayang lumabag sa Kodigo ay papatawan ng kaparusahang itinakda sa “Code of Discipline” o “By-Laws” ng Kooperatiba. Ang parusang ipapataw ay maaaring magsimula sa pagbibigay ng babala (warning/reprimand), suspensyon, at ang pinaka-malala ay pagkatiwalag bilang kasapi o kawani ng Kooperatiba. Kung sakaling mayroong mga paglabag na ang kaparusahan ay wala o hindi malinaw sa “Code of Discipline” o “By-Laws”, ang anumang rekomendasyon ng Ethics Committee ay kailangang ipagtibay ng Lupon ng mga Direktor.

**Seksyon 28.** Ang parusang suspension ay maaaring iapela sa Lupon ng mga Direktor ng Kooperatiba. Tanging ang Pangkalahatang Asembliya lamang ang may karapatang magbigay ng desisyon sa lahat ng apela sa kaparusahang pagka-tiwalag bilang kasapi ng Kooperatiba.

## KAUTUSAN 7
## Implikasyong Konstitusyonal at Determinasyon ng Probisyon

**Seksyon 29**. Ang anumang probisyon o bahagi ng patakarang ito na idedeklara ng mga Korte na lumalabag sa Konstitusyon o anumang batas, walang bisa, o imposibleng ipatupad, ay hindi makakaapekto sa pagiging konstitusyonal, bisa at pagpapatupad ng iba pang mga probisyon ng Patakarang ito.

## KAUTUSAN 8
## Pag-kabisa ng mga Probisyon

**Seksyon 30**. Ang mga patakarang ito ay magsisimulang ipatupad sa petsang itinakda ng Lupon ng mga Direktor ng Kooperatiba at pinagtibay sa isang pagpupulong.

---

Sinumite ng Ethics Committee para sa pagpapatibay ng Lupon ng mga Direktor ng UPCrC.

(Sgd) Rodolfo Y. Tarlit
Pangalawang Tagapangulo

(Sgd) Luisito S. de Vera
Kalihim

(Sgd) Arsenio R. Pagador, Jr.
Tagapangulo

Pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng UPCrC ngayong ika-15 ng Oktubre 2012